Mga Madalas Itanong tungkol sa Hummingbird

**Para kanino ang Hummingbird na ito?**

Tinutulungan namin ang sinuman sa Manitoba na pisikal o sekswal na inatake.

**Sasabihin mo ba sa iba kung pumunta ako sa Hummingbird?**

Hindi. Kumpidensyal ang pagpunta sa Hummingbird. Hindi namin sasabihin sa iyong pamilya, pulis, Imigrasyon, o sinuman sa iyong komunidad.

**Nagsasalita ako ng ibang wika bukod sa Ingles. Pwede pa rin ba akong pumunta diyan?**

Oo. Maaari kaming kumuha ng interpreter para makasama mo sa telepono o makasama mo sa Klinic.

**Paano mo ako matutulungan?**

Kung ikaw ay seskwal o pisikal na inatake, maaari naming:

- Suriin ka para sa mga pinsala
- Bigyan ka ng gamot para maiwasan na mabuntis at maiwasan ang HIV; kailangang ibigay kaagad ang mga ito
- Suriin at gamutin ka para sa mga impeksiyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik
- Kolektahin ang ebidensya sa isang kaso kung nais mo na masangkot ang pulis
- Pagkalooban ka ng taong maaaring magbigay suporta sa iyo at makipag-usap sa iyo

Ang lahat ng mga opsyon na ito ay nasasa iyo upang piliin. Maaari kang pumayag o tumanggi sa alinman sa inaalok namin.

**Paano kung hindi ako Canadian citizen?**

Hindi mo kailangang maging Canadian citizen, magkaroon ng Manitoba health card, o magkaroon ng legal na pagkakakilanlan para pumunta sa Hummingbird.

**Paano ko maa-access ang Hummingbird?**

Mayroong tatlong paraan:

- Tawagan ang Naka-duty na Nurse ng Hummingbird: 204-451-9445
- Mag-email sa amin sa hummingbird@klinic.mb.ca
- Mag-walk in sa Klinic sa 167 Sherbrook St. at hilingin ang Hummingbird:
    - Lunes hanggang Huwebes 9am hanggang 7:30pm
    - Biyernes 9am-4:30pm
    - Sabado 10am-4pm

**Maaari kang makipag-usap sa tagapayo mula sa Klinic ng 24 oras sa isang araw sa pamamagitan ng pagtawag sa: 204-786-8631**

**Walang-bayad 1-888-292-7565**